# *Modyul 8*
# *Pahayag na Interaksyunal/ Pangungusap na Nangangatwiran*



## *Tungkol saan ang modyul na ito?*

Magandang araw uli sa iyo, kaibigan. Kung naging kapaki-pakinabang ang nakaraan mong aralin, tiyak na magugustuhan mo rin ang araling inihanda ko para sa iyo.

Sa araw-araw nating pakikisalamuha sa ating kapwa, hindi naiiwasan kung minsan ang pagkakaroon ng di-pagkakaunawaan. Ito ay batay na rin sa paraan ng pagkakasabi ng mga pahayag. Nagkakaroon ng ibang interpretasyon kung malakas, mabilis, mabigat ang bitiw ng mga salita. Upang maiwasan ang mga ganitong pangyayari, gumamit tayo ng wikang nagpapanatili ng magandang pagsasamahan, mga pahayag na kahit malimit marinig ay mayroon pa ring "dating" sa pinag-uukulan ng mga natatanging pahayag na ito. Nagiging malinaw rin ang paghahatid ng komunikasyon sa isa't isa kung marunong tayong mangatwiran at magpaliwanag sa maayos na paraan sa mga pagkakataong salungat sa ating paninindigan ang ipinaglalaban ng ating kausap. Lahat naman ay maaaring pag-usapan sa maayos at mapayapang pamamaraan. Isa rin ito sa mga matututunan mo sa modyul na ito, ang paraan ng pangangatwiran. Matututunan mo rin ang mga salitang magpapayaman ng iyong bokabularyo. Lilinangin din ng modyul na ito ang iyong kakayanan sa pagsulat ng talata gamit ang mga salitang ginagamitan ng mga letrang idinagdag sa alpabetong Filipino.

Ngayong alam mo na ang mga araling iyong pag-aaralan, natitiyak kong sabik na sabik ka nang simulan ang mga gawaing aking inihanda.



# *Ano ang matututunan mo?*


Inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan sa pag-aaral ng modyul na ito.

1. A. Nakikilala ang mga pahayag na ang layon ay interaksyunal
   B. Natutukoy ang mga salita o lipon ng mga salitang nagpapakilala ng pagpapaliwanag at pangangatwiran

2. A. Nakalilikha ng bagong salita mula sa dalawang salitang pinaikli at pinagsama
   B. Natutukoy ang kahulugan ng mga salitang may magkakahawig na kahulugan

3. Napapangkat ang mga ideya upang makabuo ng isang mabuting balangkas ng binasa

4. A. Nagagamit nang wasto ang panuntunan sa pagbaybay ng salita batay sa binagong alpabeto
   B. Nabubuo ang isang talatang nagpapahayag ng reaksyon at saloobin ukol sa isang paksa



# *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Narito ang mga tuntuning dapat mong sundin sa paggamit ng modyul.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutang papel para sa pagsagot sa pagsusulit.

2. Sagutan mo at huwag lalaktawan ang panimulang pagsusulit. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang "Susi sa Pagwawasto." Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto ha! Huwag kang mag-alala kung mababa ang iyong nakuha. May inihanda akong mga gawaing tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutan ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.
5. Sagutin mo agad ang "Gaano ka na kahusay?" upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin. Kunin mong muli ang "Susi sa Pagwawasto" sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutan ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Panimulang Pagsusulit

Sagutan ang panimulang pagsusulit. Huwag kang mag-alala. Aalamin lang nito kung kailangan mo pa ba ang modyul na ito o kung tutuloy ka na sa susunod. Tandaang gumamit ng hiwalay na sagutang papel.

A. Mga Pahayag na Interaksyunal

Panuto: Isulat ang letrang A kung ang layon ng pahayag ay interaskyunal at B kung hindi.

1. Binabati ko kayong lahat dahil sa tagumpay ng proyektong inyong inilunsad.
2. Ikinalulungkot ko ang nangyari. Hindi ko akalaing daramdamin mo ang aking sinabi.
3. Malayo ang mararating ng taong nagsisikap sa buhay, hindi ba?
4. Wala nang mangyayari sa buhay ninyo. Hanggang diyan na lang kayo.
5. Huwag kang mag-alala. Makababawi ka rin sa susunod. Dagdagan mo lamang ang pananalig.

B. Isulat ang bilang 1 kung ang pahayag ay nagpapaliwanag at bilang 2 kung ito naman ay nangangatwiran.

1. Ayon sa mga ekonomista, malaki ang kontribusyon ng sector ng agrikultura sa pambansang kabuhayan.
2. Hindi dapat tayuan ng subdibisyon ang mga lupang sakahan sapagkat wala na tayong mapagtatamnan ng mga pangunahing pagkain at mapagkukunan ng mga hilaw na produkto.
3. Bilang patunay, kinukulang tayo sa suplay ng bigas na nagiging sanhi ng pagtaas nito sa mga pamilihang bayan.
4. Kung hindi aagapan ang ganitong suliranin ay tiyak na maraming Pilipino ang magugutom.
5. Kumilos agad tayo dahil walang ibang makatutulong sa atin kundi tayo rin.

C. Paglikha ng bagong salita mula sa dalawang salitang pinaikli at pinagsama

Panuto: Hanapin sa ibaba ang kahulugan ng tinutukoy sa bawat bilang

1. Isang uri ng ahas.
2. Tumutukoy sa taong palaboy.
3. Tawag sa away o gulo.
4. Isang uri ng isda
5. Tawag sa taong maramdamin

| | |
|---|---|
| balagang bukid | dahumpalay |
| basag-ulo | balat-sibuyas |
| hampaslupa | patay-gutom |
| halamang-dagat | taingang-kawali |

D. Mga salitang may magkakaugnay na kahulugan

Panuto: Isulat ang letra ng salitang walang kaugnayan sa bawat hanay

| | | |
|---|---|---|
| 1. a. mayaman | 2. a. taksil | 3. a. mahirap |
| b. masagana | b. talipandas | b. kulang |
| c. malaman | c. talusira | c. aba |
| d. marami | d. talunan | d. hamak |
| 4. a. dalubhasa | 5. a. tampok | 6. a. katugma |
| b. magaling | b. tanyag | b. kaalit |
| c. sanay | c. kilala | c. kaaway |
| d. bihasa | d. bantog | d. katalo |

E. Pagpapangkat ng mga kaisipan

Panuto: Isulat ang letra ng kaisipang hindi kapangkat ng mga kaisipan sa bawat bilang.

1. a. Mahalaga ang sector ng agrikultura sa isang ekonomiya dahil sa lawak ng kontribusyon nito sa pambansang produksyon.
   b. Maraming pamilyang Pilipino ang umaasa sa agrikultura bilang pangunahing pinagmumulan ng kanilang ikinabubuhay.
   c. Mahigit sa kalahati ng badyet ng mga Pilipino ay inilalaan sa gugulin sa pagkain.
   d. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, hindi pa rin huminto ang tensyon tungkol sa lupa.

2. a. Nilagdaan ni Pangulong Aquino noong Hunyo 10, 1988 ang Comprehensive Agrarian Reform Law.
   b. Ipinamamahagi ang lahat ng mga pampubliko at pribadong lupang Agrikultura.

c. Naglaan ng mga kinakailangang serbisyong susuporta sa mga magsasakang binigyan ng lupa.
d. Isa sa mahalagang salik na nagtatalaga sa kalayaan ng agrikultura na mabilis ang pagsulong nito.

3. a. Lumiliit ang lupang pinagtataniman sa paglipas ng mga taon bunga ng iba't ibang paggamit sa lupa sa larangan ng komersyo at pabahay.
   b. Bumababa ang pondong inilalaan ng pamahalaan sa mga gawaing serbisyong pang-agrikultura.
   c. Hindi nabibigyan ng sapat na atensyon ang problema ng mga magsasaka sa pagtatanim, pag-aani at pagbebenta ng kanilang produkto.
   d. Kapag lumiit ang pondo, nagiging limitado ang kakayahan ng ating magsasaka upang tugunan ang mga suliraning kinakaharap nila.

4. a. Madalas bisitahin ang ating bansa ng mapaminsalang bagyo na sumisira hindi lamang ng mga ari-arian kundi pati na ng pananim sa agrikultura.
   b. Madaming bagay at reporma ang dapat isagawa sa pagtataguyod ng maunlad na agrikultura.
   c. Tinatayang malaking bahagi ng produkto ang nasisira bunga ng mabangis na pagbabago ng kalagayan ng panahon.
   d. Ang mga tagtuyot, malalakas na bagyo at malalaking baha ay mga pangunahing sanhi ng pagkasira ng ani.

5. a. Kinakilangang baguhin ang mga patakarang komersyal na kumikiling sa industriya.
   b. Bigyan ng direktang reporma, proteksyon at kalinga ang agrikultura.
   c. Marami pa rin sa ating magsasaka ang di-nakaalam sa wastong paggamit ng pataba.
   d. Kinakailangan din ang pagtatayo ng infrastruktura upang lalong sumigla ang ating kanayunan.

F. Pagbaybay ng salita batay sa binagong Alfabeto.

Panuto: Isulat nang wasto ang baybay ng mga salitang may salungguhit.

1. Napabilang siya sa <u>census</u> nang magsagawa na pag-aaral ang Kagawaran ng pagsasaka.
2. Mga <u>piña</u> ang kanyang itinatanim sa lupang ipinagkaloob ng pamahalaan.
3. Nagbigay ng <u>quota</u> ang kooperatiba sa dapat maani sa isang ektaryang lupa.
4. Isang <u>experimento</u> ang kanilang isinagawa upang malaman ang bisa ng bagong labas na pestisidyo.
5. Isang <u>bañerang</u> isda ang kanilang nakuha sa kanilang palaisdaan.

G. Pagbuo ng talata batay sa sariling reaksyon at saloobin.

Panuto: Isaayos ang mga pangungusap upang makabuo ng isang mabisang talata. Isulat nang buo ang talata.

- Hindi lamang ito isyung pang-ekonomika kundi isang maselang problemang panlipunan.

- Ngunit alam nating maraming balakid ang humahadlang sa patuloy at mabilis na pag-unlad ng agrikultura.

- Malaking bahagi ng hukbong paggawa ay nasa sektor pang-agrikultura.
- Ang tenyur sa lupa ang pangunahing isyung bumabalot sa kakayahan ng agrikultura.

- Kinakailangan din ang pagbabago sa mga patakarang komersyal na nagpabaya sa agrikultura.

- Hindi lamang kinakailangang magtagumpay ang reporma sa lupa upang mapaunlad ang agrikultura.

Kung tapos mo nang sagutan ang pagsusulit, kunin sa guro ang Susi sa Pagwawasto. Ipagpatuloy ang pag-aaral sa modyul, kung hindi mo nasagutan ang 95% ng mga aytem.

## Mga gawain sa pagkatuto

## Sub Aralin 1

**Layunin**

- Nakikilala ang mga pahayag na ang layon ay interaksyunal
- Natutukoy ang mga salita o lipon ng mga salitang nagpapakilala ng pagpapaliwanag at pangangatwiran

**Alamin**

Pag-aralang mabuti ang larawan. Ano kaya ang paksa ng usapan ng mga taong nag-uusap?

Nagkakaunawaan kaya sila?



Tama ka. Nagkakaunawaan nga ang mga nag-uusap sa larawan. Pinatutunayan ito ng masayang mukha. Habang nakikipag-usap. Nangangahulugan lamang na magiging mabuti ang paraan ng pakikitungo natin sa kapwa kung maayos ang ating pakikipag-usap o pakikipagpalitan ng opinion o kuru-kuro.

**Linangin**

Ano ang mga pangungusap na Interaksyunal? Ang Interaksyunal ay gamit ng wika upang mapanatili ang pakikisama sa lipunan. Isang bahagi nito ang "Practic Communion" Halimbawa, salitang pabalbal ng mga tin-edyer, mga biro sa pamilya; mga salita ng mga propesyonal, mga dialektong panlipunan at panrehiyon. Kailangan ito upang makipag-interaksyon tayo sa iba. Kailangan sa "good manners".

Halimbawa:

Pagbati
- Magandang umaga po!
- Maligayang bati!

Paghingi ng pahintulot
- Maaari ka po bang mahiram ang inyong aklat?
- Kukunin ko na po ang aking gamit

Pangungumusta
- Kumusta na ang inyong mga magulang?
- Pakisabing kinukumusta ko sila

Paggalang
- Makikiraan po.
- Mano po

Basahin mo ang usapan. Pansinin ang takbo ng usapan ng tatlong taong nag-uusap.

Mang Bert : Kumusta po Mang Nestor? Matagal din ho kayong di-nakauwi sa ating lalawigan.

Mang Nestor : Oo nga. Naging abala rin kasi ako sa Maynila. Maganda ang takbo ng talyer ni Lloyd doon kaya kasa-kasama niya ako namahala roon.

Mang Bert : Mainam naman at umaasenso na pala si Lloyd sa Maynila. Kumusta na siya?

Mang Nestor : Mabuti naman. Maganda ba ang ani ngayon?

Mang Bert : Medyo hindi dahil sa epekto ng nakaraang bagyo.

Mang Arnold : Magandang gabi po, Mang Nestor kailan ho ba kayo bumalik?

Mang Nestor : Kagabi pa. Bakit mukha yatang nangangayayat ka?

Mang Arnold : Nagkasakit ho ako. Naospital ng isang lingo.

Mang Nestor : Mabuti na ba ang pakiramdam mo?

Mang Arnold : Okey na ho ako. Pahinga na lang daw at vitamins ang kailangan sabi ng doctor.

Mang Nestor : Mabuti naman kung gayon. O, siya maiwan ko muna kayong dalawa at sasaglit lang ako sa bahay ni Mang Pablo.

Mang Bert at Mang Arnold : Sige ho!

Sa usapang iyong binasa, ano ang napansin mo sa paraan ng pag-uusap ng mga tauhan?

Tama ka. Gumamit sila ng salitang paggalang gaya ng pantawag sa kalalakihan na “Mang” at katagang “ho”.

Nagkaroon din ng kumustahan. Isa itong paraan ng pagpapanatili ng mabuting samahan sapagkat madarama ng bawat isa ang kahalagahan nila sa kanilang kapwa.

**Gawain 1:** Pagkilala sa mga pahayag na ang layon ay interaksyunal.

Panuto: Punan ang wastong sagot sa bawat bilang. Letra lamang ang isulat.

1. Daraan ka sa pagitan ng dalawang taong nag-uusap. Ano ang dapat mong sabihin?
    a. Makikiistorbo po ako
    b. Makikiraan nga po
    c. Huwag nga po kayong mag-usap sa gitna
    d. Pakitabi nga po sila

2. Matagal din kayong walang komunikasyon ng iyong kaibigan sapagkat lumipat sila ng tirahan. Isang araw di-sinasadyang nagkita kayo sa “Mall” Ano ang una mong sasabihin?
    a. Ang ganda-ganda mo na ngayon. Ano ba ang sekreto mo?
    b. Siguro natuwa ka nang magkahiwalay tayo ‘no?
    c. Pambihira ka naman. Hindi mo man lang ako dinalaw sa bahay.
    d. Kumusta ka na? Saan ka na nag-aaral ngayon?

3. Hindi ka sumasang-ayon sa sinabi ng iyong kamag-aral. Paano mo ito sasabihin sa kanya nang hindi siya magdaramdam sa iyo?
    a. Ikinalulungkot kong sabihin na hindi ako sumasang-ayon sa iyong sinabi.
    b. Maaari ka nang umupo at pag-isipang mabuti ang iyong sinabi.
    c. Iyan ba ang iyong paniniwala? Mahirap yatang tanggapin.
    d. Hindi ko kailanman matatanggap ang iyong sinabi sapagkat wala itong batayan.

4. Ikaw ang nanalo sa paligsahan. Nakita mong malungkot ang isang mag-aaral na iyong naging katunggali. Paano mo palulubagin ang kanyang depresyon sa pagkatalo.
    a. Hindi kasi naging maganda ang iyong pagbigkas kaya ka natalo.
    b. Huwag kang mag-alala, maglalaban uli tayo.
    c. Magaling ka rin. Nagkataon lang na iba ang naging panlasa ng mga hurado.
    d. Sayang natalo kita. Hindi bale ibo-blow-out na lang kita.

5. Nagdamdam sa iyo ang iyong kaibigan sa hindi pagdalo sa kanyang kaarawan. Ano ang iyong sasabihin upang mawala ang kanyang hinanakit sa iyo?
    a. Pasensya ka na. May nangyari kasi sa bahay. Itinakbo namin si Itay sa ospital.
    b. Ipagpaumanhin mo. Niyaya kasi ako ni Bong na magbasketbol.
    c. Marami pa namang pagkakataon.
    d. Pasensya na. nakalimutan ko lang talaga. Sana maniwala ka sa akin.

**Gawain 2 A.** Natutukoy ang mga salita/pahayag na nagpapakilala ng pagpapaliwanag

Bago mo sagutan ang gawaing aking inihanda, basahin mo muna ang mga paliwanag tungkol sa pagkilala sa mga salita o pahayag na nagpapaliwanag at nangangatwiran sa ganitong paraan. Natitiyak kong matutulungan ka upang lalong maunawaan ang araling iyong pag-aaralan.

- *Ang Pagpapaliwanag*

Sa lahat ng uri ng pagpapahayag ay pinakagamitin ang pagpapaliwanag. Ang malaking bahagi ng karaniwang pagsasalita at pagsulat ay nagpapaliwanag. Maraming bagay sa ating paligid ang nagaganap na kinakailangang bigyan ng malinaw at mabisang paliwanag. Sa paaralan, ang mga guro ay may obligasyong magpaliwanag ng kanilang itinuturo sa mga estudyante, gayundin naman sa kapwa nila guro at kasamahan. Ang isang magulang, kadalasan ay nagpapaliwanag din ng mga bagay na dapat matutuhan ng mga anak sa loob at labas ng tahanan. Ang isang manggagamot ay gayon din ang ginagawa sa pasyente upang malinawan niyang ganoon at ganito ang kanyang karamdaman at ang dapat gawin upang masugpo o mapagaling ito. Halos lahat ng

propesyon ng tao ay nangangailangan ng paliwanag. Masasabi nating nasa mabisang pagpapaliwanag nakakamit ang anumang ninanais natin.

Ang pagpapaliwanag ay isang uri ng pagpapahayag na naglalayong linawin sa mga nakikinig o bumabasa ang isang bagay, gawain o pangyayaring hindi nila nauunawaan.

Ang pagpapaliwanag ay magagawa sa mga sumusunod na paraan.

Halimbawa:
1. Paraan ng pagsasagawa ng isang bagay
2. Kabutihang dulot ng isang bagay
3. Naging bunga ng isang pananaliksik/eksperimento
4. Pagbibigay-katuturan
5. Kinalabasan ng isang pangyayari
6. Pagpapakahulugan
7. Pagbabalita

Mga dapat tandaan sa mabisang pagpapaliwanag

1. Magkaroon ng sapat na kaalaman sa paksa. Nararapat lamang na ang pagpapaliwanag ay may sapat na kaalaman sa paksa. Hindi maipapaliwanag nang maayos ang isang bagay na hindi gaanong nauunawaan ng nagsasalita o sumusulat.

2. Ilagay ang sarili sa kalagayan ng pinagpapaliwanagan. Mahalagang magkaroon ng katugunan ang mga katanungang manggagaling sa mga mambabasa o tagapakinig.

3. Gawing ganap ang pagpapaliwanag. Lahat ng dapat ipaliwanag ay kailangang nasa isip at maayos na inilalahad. Hindi lubos na nauunawaan ang pagpapaliwanag kung may mga bagay na nakaligtaan.

4. Ihanay nang wasto ang mga pangyayari at mga kaisipang ipaliliwanag. Ang mga pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari at kaisipan ay kailangan upang higit na maging malinaw at mabisa ang pagpapaliwanag.

5. Iangkop ang mga pananalita sa gulang, kaalaman at karanasan ng mambabasa o tagapakinig. Sa ganitong paraan, maiiwasan ang mga katanungang lihis sa nais ipaliwanag.

6. Simulan kaagad ang paliwanag sa paraang direkto. Dapat iwasan ang paggamit ng maliligoy o nakalilitong pangungusap o pagpapahayag.

Hango sa Filipino sa<br>Makabagong Panahon

Mga halimbawang pangungusap

1. Ang isa sa dahilan ng paghihirap ng maraming bansa ay ang di-wastong paggamit ng kanyang sangkap pamproduksyon.

2. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng pag-iimppok sa pagpapasulong ng ekonomiya. Isa itong mekanismo ng ekonomiya upang makalikom ng mga pondo na gagamiting panustos sa pangangapital.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Kung mayroon kang di-maunawaan, muli mong basahin ang mga paliwanag upang mabigyang-linaw ang iyong mga katanungan.

Panuto: Isulat ang <u>A</u> kung ang pahayag ay nagpapaliwanag at <u>B</u> kung hindi.

1. Ang agrikultura ay isang agham at sining sa pangangalaga at produksyon ng mga tanim at hayop.
2. Patag ang lupa at sa Gitnang Luzon kaya mainam itong pagtaniman ng palay.
3. Ang mga gawain sa tradisyunal na Agrikultura ay isinasagawa upang tugunan ang pangunahing pangangailangan ng isang magsasaka at ng kanyang pamilya.
4. Ang Land Registration Act ng 1902 ay nagtadhana ng sistematikong pagpapalantsa ng mga titulo sa lupa ayon sa sistemang Terrens.
5. Nagsisimula nang magtanim ang mga magsasaka sa malawak na lupaing kanilang natanggap mula sa pamahalaan.

**Gawain 2 B.** Patukoy sa mga pahayag na nagpapakilala ng pangangatwiran

Sa araw-araw na buhay, ang tao'y nahaharap sa mga pagkakataong kinakailangang siya'y mangatwiran, magpatotoo sa isang sinabi o ginawa kaya at magpatunay sa kawastuan ng isang ideya o isang gawain, dili kaya'y isang paninindigan. Kailangan ng taong magkaroon ng kasanayan sa maayos na paghahanay ng kaisipan upang maging malinaw at kapani-paniwala ang kanyang sinabi.

*Mga uri ng Pangangatwiran*

Sa Pagmamatuwid, mahalaga ang pagkakaroon ng mga patibay, ang katibayan o ebidensya ay siyang magpapatunay sa katotohanan. Mula sa katotohanan, doon naman hahango ng konklusyon. May dalawanang pamamaraan sa pangangatwiran. Ang *Pangangatwirang Pabuod* at ang *Pangangatwirang Panaklaw.*

1. Ang Pangangatwirang Pabuod (Inductive Reasoning)

Ang Pangangatwirang Pabuod ay nagsisimula sa maliit na katotohanan at nagwawakas sa isang panlahat na simulain o isang paglalahat. Ang ganitong pangangatwiran ay nagsasangay sa tatlong paraan.

*a.* *Pangangatwirang gumagamit ng pagtutulad*

Dito'y inilalahad ang magkatulad na katangian; sinusuri ang mga ito at dito ay kinakatas ang isang katotohanan.

Ang paglalahat na nabubuo sa ganitong uri ng pangangatwiran ay masasabing pansamantala lamang at madaling mapabubulaanan sapagkat maaaring magkatulad ang pinaghahambing sa isang katangian lamang ngunit magkaiba sila sa maraming ibang katangian .

Halimbawa:

1. Ang pagmamatuwid na *Si Pedro ay mabuting makata sapagkat ang kanyang ama at mga kapatid ay pawang mabubuting makata.*
2. Ang pagmamatuwid na *Si Joe ay isang Amerikano sapagkat ang hugis ng mukha ay tulad ng sa isang Amerikano.*

*b.* *Ang pangangatwiran sa pamamagitan ng pag-uugnay ng pangyayari sa sanhi. Ang simulain dito ay ang pagkakaroon ng sanhi sa lahat ng nagaganap.*

Halimbawa:

1. Mapula at namumugto ang mata ni Carmen. Hindi maaaring mamugto ang mata ni Carmen nang walang dahilan.
2. Ang pagmamatuwid na *Hindi matapos ang isang gawain sapagkat nagkaroon ng brown-out ng sinundang gabi.*

*c.* *Pangangatwiran sa pamamagitan ng mga katibayan at pagpapatunay*

Katibayan at Pagpapatunay

Ang pagmamatuwid ay nanghahawakan sa mga patunay, mga ebidensya o katibayan.

Halimbawa:

1. Ang pagmamatuwid na *Si Lena ang kumuha ng pitakang nawawala sapagkat nang buksan ang kanyang bag ay naroon ang pinaghahanap na pitaka.*
2. Ang pagmamatuwid na *Ang sumulat ng mga babala sa pader ng paaralan ay si Pedro, sapagkat ang pananalitang iyon ay madalas na banggitin ni Pedro sa mga kausap; ang nakuhang lata ng itim na pintura sa bahay nina Pedro ay kakulay ng nakasulat na pintura sa pader, at nang pasulatin si Pedro, ang sulat-kamay niya ay siya ring sulat-kamay na nasa pader.*

2. Ang Pangangatwirang Pasaklaw (Deductive Reasoning)

Sa pagmamatuwid na panaklaw, humahango ng isang pangyayari sa pamamagitam ng pagkakapit ng isang simulaing panlahat. Ang ganitong pangangatwiran na tinatawag na Silohismo ay bumubuo ng isang pang-unang batayan.

Isang pangalawang batayan at isang kongklusyon. Ang silohismo ay isang payak na balangkas ng pangangatwiran.

Halimbawa:

1. Ang mga magsasaka ay masipag at matiyaga
   Si Pablo ay isang magsasaka.
   Si Pablo ay masipag at matiyaga.

2. Ang mga Ilokano ay matiisin at matitipid
   Si Juan ay isang Ilokano.
   Si Juan ay matiisin at matipid.

Maraming kahinaan ang ganitong pangangatwiran. Ang isang panlahat na katangian ay maaaring hindi angkinin ng ilan sa kanilang uri. Halimbawa, gaano katotoo ang pang-unang batayan? Kailangang may katotohanan nga ang unang paglalahat. Baka ito ay pala-palagay lamang. Dapat na ang unang paglalahat na ito ay naging bunga ng isang pananaliksik at masuring pag-aaral. Dapat ding alaming mabuti kung talaga ngang tunay na representasyon ng panlahat na uri ang tao o bagay na binabanggit sa pangalawang batayan, kung may pasubali sa dalawang unang batayan, ang pangatlong pangungusap na siyang kongklusyon ng uring ito ng pangangatwiran ay hindi matatag at mapanghahawakan.

Ngayong nabasa mo na ang mahahalagang impormasyon tungkol sa pagkilala ng mga pahayag na nangangatwiran, tiyak na malinaw na sa iyo ang ipinagkaiba nito sa iba pang pahayag.

Maaari mo nang simulan ang gawaing aking inihanda.

Panuto: Isulat ang letrang A kung ang pahayag ay isang pangangatwiran at B kung hindi.

1. Nalugi ang mga magsasaka dahil binaha ang kanilang pananim na malapit na sanang anihin.
2. Madalas bisitahin ng mapinsalang bagyo ang ating bansa kaya nagkukulang ang suplay ng mga pangunahing pagkain.
3. Dapat bigyan ng sapat na pagpapahalaga ang pondo sa pagsasaka.
4. Maituturing na bayani ang mga magsasaka sapagkat sila ang dahilan kung bakit patuloy na nasusuportahan ang pangangailangan sa pagkain ng mga mamamayan.
5. Ang malawakang pananaliksik ay makapagbibigay ng sapat na teknolohiyang gagamitin sa agrikultura, pataba at mabubuong sangkap sa pagtatanim.

**Lagumin**

**A.** Mga Pahayag na Interaksyunal

Panuto: Piliin ang wastong sagot. Letra lamang ang isulat.

1. Ano ang dapat mong sabihin kung hindi mo naintindihan ang sinabi ng tagapagsalita tungkol sa wastong pagtatanim ng orkidyas.
   a. Pakiulit nga po ang inyong sinabi dahil hindi ko gaanong naunawaan.
   b. Ulitin mo nga ang iyong ipinaliwanag. Masyado kasing maingay.
   c. Pakilakasan po nang kaunti upang marinig naming lahat.
   d. Maaari po bang tanungin ko kayo mamaya pagkatapos ng inyong panayam?

2. Kung ikaw ang tagapagsalita at may nagsabing tagapakinig na di-naintindihan ang iyong ipinaliwanag, ano ang maaari mong isagot.
   a. Pasensya ka na, masakit na ang aking lalamunan sa pagsasalita.
   b. Ganoon ba? Makinig ka na lang mabuti sa susunod.
   c. Sige, ipaliliwanag kong muli ang bahaging di-mo naintindihan.
   d. Kinapos na tayo sa oras. Imbitahin nyo na lang uli ako.

3. Maingay ang iyong katabi kaya't di-mo gaanong naintindihan ang sinabi ng tagapagsalita. Paano mo ito sasabihin sa kanya nang hindi siya masasaktan?
   a. Kung ayaw mong makinig, lumipat ka na lang ng ibang upuan.
   b. Mamaya ka na makipag-usap sa iyong katabi. Matatapos na ang panayam.
   c. Pakihinaan naman ang pakikipag-usap. Hindi ko kasi marinig ang sinasabi ng tagapagsalita.
   d. Nakakaistorbo ka ng ibang tao, alam mo ba iyon?

4. Kung ikaw ang napagsabihan, paano mo naman ito sasagutin?
   a. Pasensya ka na ha? Napalakas ang boses ko.
   b. Lumapit ka kasi sa unahan para marinig mong mabuti
   c. Hindi naman ikaw ang kausap ko e, di magsalita ka rin
   d. Wala akong magagawa talagang malakas akong magsalita.

5. Pagkatapos ng panayam kinamayan mo ang tagapagsalita at nagpasalamat sa mga bagong kaalamang iyong natutunan.
   a. Ang galing-galing ninyo, walang halong biro.
   b. Binabati ko kayo sa napakahalagang mga kaalamang inyong ibinahagi. Maraming salamat po.
   c. Maraming salamat po sa inyo. Sana'y katulad ninyo ang iba pang tagapagsalita sa araw na ito nang di-nabaliwala ang aming araw.

d. Tunay kayong kakaiba. Maraming salamat sa inyong panayam kahit paano'y natuto ako.

**B.** Salita /Pahayag na nagpapakilala ng pagpapaliwanag

Panuto: Piliin ang pahayag na hindi nagpapaliwanag sa bawat bilang. Letra lamang ang isulat.

1. a. Ang salitang "agrikultura" ay nagmula sa salitang latin na "ager culture" na ang ibig sabihin ay kultibasyon ng bukirin.
   b. Ito ay isang natatanging uri ng produksyon na may kinalaman sa pagtatanim ng iba't ibang uri ng halaman at pag-aalaga ng mga hayop.
   c. Noong unang panahon, ang pangunahing paraan ng pamumuhay ng mga tao ay pangangaso at pangingisda.
   d. Samakatwid, hindi na sila pagala-gala sa paghahanap ng makakain sa araw-araw na buhay.

2. a. Ang agrikultura ay hudyat ng rebelasyon na nagdulot ng pag-unlad sa kaalaman ng mga tao sa iba't ibang gawain at larangan.
   b. Kung maunlad nga ang sektor ng agrikultura, natural lamang na makakayanan nitong suportahan ang iba pang sektor ng ekonomiya.
   c. Umabot na sampung milyong Pilipino o halos apatnapung porsyento ang kabuuang lakas-paggawa ang kumukuha ng ikabubuhay sa sektor ng agrikultura.
   d. Kaya masasabi kong tumutulong ito sa ibang sektor sa pagbibigay ng karagdagang pando, hindi ba?

3. a. Sa kabila ng makabagong teknolohiya marami pa rin sa ating magsasaka ang gumagamit ng tradisyunal na pamamaraan ng pagsasaka.
   b. Hindi dapat ipagwalang bahala ang suliranin sa agrikultura sapagkat tayo rin ang mawawalan pagdating ng araw. Papayag kaya tayo sa ganitong kalagayan?
   c. Ang sektor ng agrikultura ay nagsisilbing tagasuplay ng mga hilaw na materyales na kailangan sa industriya at sa pagpapatatag ng ekonomiya ng ating bansa.
   d. Ang mga produktong agrikultural ang nagsisilbing sangkap para sa napakaraming produktong pangmanupaktura para sa pangangailangan ng bansa.

4. a. Higit na mataas ang presyo ng mga produktong pang-industriyal dahil mahal ang pagmamantine ng mga makina o planta.
   b. Ang mga buwis na ipinapataw sa pagluluwas ng produktong agrikultural ay nakapagpapababa ng kita ng mga magsasaka.
   c. Ang mga monopolyo sa pagtitinda ng niyog, asukal, palay at iba pang produkto ay nakahahadlang sa mga magsasaka ng makatanggap ng mga kita na ayon sa mga presyo sa pandaigdigang pamilihan.

d. Nakapagpapataas ng porsyento ng mga walang hanapbuhay at nakapagpapababa ng kita sa sektor pangrural ang paggamit ng mga industriya ng mga makinarya sa halip ng paggamit ng lakas paggawa.

5. a. Dahil sa lumiliit ang lupang pinagtataniman sa paglipas ng mga taon kaya napilitan ang mga magsasakang lumuwas na lamang sa Maynila at dito magtrabaho.
   b. Malaki ang kakulangan ng infrastruktura sa kabuuan upang tugunan ang pangangailangan ng maunlad na agrikultura
   c. Hindi nabibigyan ng sapat na atensyon ng mga manggagawa sa serbisyong ekstensyon ang mga problema ng magsasaka sa pagtatanim, pag-aalaga at pagbebenta ng kanilang produkto.
   d. Nagiging limitado ang kakayahan ng ating mga magsasaka sa pagtugon sa kasalukuyang problemang kinakaharap sa pagliit ng pondo sa pananaliksik.

**C.** Salita /Pangungusap na nagpapahayag ng pangangatwiran
Panuto: Piliin ang pahayag na nagsasaad ng pangangatwiran. Bilang lamang ang isulat.

1. Maraming produkto ang hindi nakararating sa pamilihan sa takdang oras dahil sa sirang mga daan at tulay.
2. Puno ng kakulangan ang mga batas tungkol sa tunay na reporma sa lupa na pinagtibay ng kongreso.
3. Ang suplay ng tubig ay hindi sapat dahil sa kakulangan ng mga patubig.
4. Malaking bahagi ng produksyon sa agrikultura ay nasisira dahil kulang tayo sa mga pasilidad sa pagtutuyo at pagpoproseso ng mga ani at hilaw na produkto.
5. Mababa lamang ang produktong naaani ng mga magsasaka kung ihahambing sa ibang bansa.
6. May kakulangan ang paggamit ng mga pataba sa mga tanim dahil sa napakamahal na presyo nito.
7. Mababa ang produktibidad ng ating lupa kaso, marami pa rin sa ating mga magsasaka ang hindi nakaaalam sa wastong paggamit ng pataba at pamumuksa ng peste.
8. Walang linaw kung kailan maipagkakaloob sa mga magsasaka ang mga lupang sakahang sumailalim sa Repormang Pansakahan.

**Subukin**

Subukin mong sagutin ang isang pagsubok.

Panuto: Piliin ang pahayag na angkop sa larawan batay sa hinihingi ng bawat bilang. Letra lamang ang isulat.

1. Pangungusap na Interaksyunal ______________________________ ________________pagpapaliwanag



_______________nangangatwiran
______________________________

a. “Sasabihin ko ho sana sa kanya na unahing ipasa ang proyekto namin sa Agham. Gamitin niyang sanggunian ang aklat na ipahihiram ko.
b. “Maaari ko ho bang makausap si Czarina?”
c. “Nasa Laguna siya. Baka bukas pa ang balik niya dahil nagdala siya ng mga damit at ilang gamit.”
d. “Saka ka na lang tumawag. May ginagawa pa ako.”

2. Pangungusap na Interaksyunal
______________________________
_______________nagpapaliwanag
_______________nangangatwiran
______________________________



a. “Maaari rin kayong kumita sa pamamagitan ng pagtatanim sa bakanteng lote sa likod-bahay. Malaking tulong ito sa kabuhayan ng pamilya.”
b. “Maluwag-luwag naman ang inyong bakuran hindi ba?”
c. “Sayang lang ho kasi ang oras ng mga kabataang hindi nag-aaral. Nais ho namin silang maging katuwang sa pagsasagawa ng proyekto.”
d. “Maraming salamat ho sa inyong mungkahi. Malaki po ang maitutulong nito sa aming proyektong itataguyod.”

3. Pangungusap na Interaksyunal
______________________________
_______________nagpapaliwanag
_______________nangangatwiran
______________________________



a. “Ipagpaumanhin po ninyo madam. Huli po ako. Tanghali na po akong nagising.”
b. “May pagsusulit po ba? Sayang hindi ako nakakuha.”
c. “Maaga ka kasing matulog. Iwasan mo ang panonood ng telebisyon kung marami ka pang takdang-araling dapat tapusin. Ihanda mo na rin ang mga kakailanganin upang hindi ka nagmamadali sa umaga.”
d. “Nagpupuyat ka kasi sa panonood ng telebisyon. Hayan at mukang inaantok ka pa.”

4. Pangungusap na Interaksyunal
______________________________
_______________nagpapaliwanag



_______________nangangatwiran

_____________________________